# medical alarms

Hato Hone St John



## Mahalaga ang pagiging *independent*

## Pangalagaan natin ito

# Panatag ka, may nagbabantay sa kanila

Kapag ikaw o ang iyong mahal sa buhay ay naaksidente o nagkaroon ng medical emergency, nakababahala kung walang agad na makatutulong.

Ang St John medical alarm ay nagbibigay ng kapanatagan ng isipan, dahil ang eksperto at agarang tulong ay makukuha anumang oras sa pamamagitan lamang ng pagpindot sa isang buton.

Ito ay isang simple at maaasahang paraan upang manatiling ligtas at independent, kahit walang kasama sa bahay, araw man o gabi.



# Nasa sa mga ekspertong kamay ka sa oras ng pangangailangan

Kami ang bahala sa lahat – mula sa pag-install, pagtugon sa emergency at sa patuloy na gabay, bawat hakbang ay pangangasiwaan ng aming maaasahang team. Bawas isipin na rin ang bayad sa ambulansya kung sakaling kailanganin dahil ito ay libre na.[1]

| | Home | Anywhere |
|---|---|---|
| Subukan ng libre* | ✓ | ✓ |
| Ang pagpondong mula sa gobyerno ay pwedeng i-avail | ✓ | ✓ |
| Sagot ang lahat ng bayarin sa ambulansya | ✓ | ✓ |
| Libreng demo at pag-install | ✓ | ✓ |
| 24/7 na pagmomonitor ng aming team | ✓ | ✓ |
| Walang minimum na haba ng kontrata | ✓ | ✓ |
| Gumagana kahit nasa labas ng bahay | – | ✓ |
| **Kasama sa plan ang:** | | |
| Pendant o wristband na pambahay | ✓ | ✓ |
| Base unit para sa bahay | ✓ | ✓ |
| Mobile pendant at charger | – | ✓ |

**1.** Mayroong emergency at ambulance services sa Wellington at Wairarapa na pinangangasiwaan ng lokal na provider. Ang lahat ng iba pang aspeto ng iyong alarm ay kami ang mamamahala.

# Pagpili ng tamang alarm

Para man ito sa bahay o kapag nasa labas, tutulungan ka naming mahanap ang pinakaangkop na solusyon para sa iyo o sa iyong mahal sa buhay.

## Home

### Pendant or wristband

Magkaroon ng kapanatagan ng loob gamit ang pendant na isinusuot sa leeg o ng wristband – magaan, komportable at waterproof. Sa isang pindot lamang, maa-activate ang alarm sa pamamagitan ng base unit na nasa sa bahay at agad kang makokonekta upang makahingi ng tulong.



### Base unit

Pindutin ang alarm at agad kaming tutugon – makikipag-usap sa iyo sa pamamagitan ng 2-way speaker, o magpapadala ng tulong kung hindi ka namin marinig. Mayroon din itong backup na baterya kaya hindi mo kailangang mag-alala kung mawalan ng kuryente.




## Anywhere

### Home + mobile pendant

Bukod sa Pambahay na alarm, kasama rin sa Anywhere package ang water-resistant na mobile pendant, na nagbibigay sa iyo ng kalayaan at kumpiyansa kapag ikaw ay nasa labas. Gumagana ito saanman sa New Zealand na may signal.





# Paano ito gumagana

Ang St John Medical Alarm ay simple at maaasahan, at tinitiyak na ikaw o ang iyong mga mahal sa buhay ay makakakuha ng ekspertong pangangalaga anumang oras.

## Pindutin ang buton



Kung sakaling kailanganin, pindutin at hawakan ang gitna ng buton sa iyong pendant o wristband.

## Ika'y konektado



Ikinokonekta ka agad ng alarm sa aming team upang maibigay nila sa iyo ang kailangan mong tulong.

## Maaasahan sa oras ng pangangailangan



Maging ito man ay pag-assess habang nasa telepono ng aming clinical team o pagpapadala ng ambulansya sa oras ng emergency – narito kami para sa iyo 24/7.

## Magkano?

Ang aming mga plan ay nagsisimula sa $19.95 kada linggo. Kung kwalipikado ka para sa Disability Allowance o ACC cover, maaaring sagutin nang buo ang bayarin sa iyong alarm. Makipag-ugnayan sa iyong doktor o health professional para sa karagdagang impormasyon, o makipag-usap sa amin para sa LIBRENG demonstrasyon sa iyong tahanan.

Sa pagpili ng isa sa aming mga medical alarms, hindi ka lamang nagkakaroon ng kapanatagan ng loob – nakakatulong ka na rin sa pagsuporta sa aming mahahalagang mga serbisyo para sa komunidad.

---

## Subukan ang Free trial*

**stjohn.org.nz/medical-alarms**

**0800 50 23 23**

*Ang libreng pagsubok ay para lamang sa mga bagong kliyente at available sa limitadong panahon.

TSANZ
Telecare Services Association New Zealand